# Ang
# QUR'AN
# at
# MAKABAGONG SIYENSIYA

القرآن والعلم الحديث. باللغة الفلبينية

Sinulat ni
DR. MAURICE BUCAILLE
(French Academy of Medicine)

Salin sa Tagalog ni
Muhammad Ameen C. Cave
"Islamic Da'wah Committee"

# MGA NILALMAN


| Mga Paksa | Pahina |
|---|---|
| *PAUNANG SALITA* | i |
| *PAMBUNGAD NG MAY-LATHALA* | iii |
| ANG QUR'AN AT ANG MAKABAGONG SIYENSIYA (AGHAM) | 3 |
| KARUNUNGAN SA ENSIKLOPEDYA BILANG KAILANGAN TUNGO SA PANG-UNAWA NG QUR'AN | 5 |
| ANG PAGLIKHA SA SANSINUKOB (SANTINAKPAN) | 7 |
| ASTRONOMIYA - ANG LIWANAG AT PAGGALAW | 10 |
| ANG LUPA (ANG MUNDO) | 13 |
| ANG PAGLIKHA SA TAO | 17 |
| ANG QUR'AN AT ANG BIBLIYA | 19 |
| ANG LIWANAG NG KAPAHAYAGAN | 24 |
| Ano ang Buhay | 24 |
| Sangkatauhan | 24 |
| Banal na Patnubay | 25 |
| Mga Kapahayagan | 25 |
| Pangwakas na kapahayagan | 25 |
| Batayan sa Katotohanan | 26 |
| Minamahal Kong Mambabasa | 27 |

**Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain.**

# *PAUNANG SALITA*

Si Dr. Maurice Bucaille, kilalang siyentipiko sa larangan ng Medisina ay magiting na nagsiwalat nang siya'y nagtalumpati sa harap ng French Academy of Medicine sa Fransiya sa kaniyang natuklasang kagilagilas na katotohanang nababalot sa hiwaga ng Banal na Qur'an. Sinabi niya, pagkatapos ng kaniyang masusi at maingat na pagaaral sa buong Banal na Aklat, ay naging maliwanag para sa kaniya ang lahat; mga katibayang nagpapabulaan sa mga bintang at pagsalangsang ng mga taga-Kanluran hinggil sa katotohanan ng mga nilalaman ng Banal na Qur'an. Naisaloob niya, "ang Qur'an ay tunay na isang kapahayagan ni Allah (Diyos) sa propeta." Ayon sa kaniya, "ang mga bagay na nakasulat sa Banal na Qur'an ay hindi nga maaaring gawa-gawa lamang o kaya'y nagmula lamang sa mga kuru-kuro ng mapitagang at mabunying Propeta na si Mohammad, suma-kaniya nawa ang kapayapaan."

Sa kaniyang pagtalumpati na naganap sa French Academy of Medicine ay isiniwalat niyang isa-isa ang mga bersikulo (taludtod) sa Banal na Qur'an na may-kinalaman sa siyensiya (agham) na lubos na nagpapatunay sa madla ang katotohanan na ang Qur'an ay tiyak na hindi kathang isip lamang ni Mohammad, suma-kaniya nawa ang kapayapaan, bagkus, ito'y isang tunay na patnubay na nagmula lamang kay Allah. Mahirap ngang isipin ng sinuman, sinabi niya, na ang mga siyentipikong (agham na) kaisipan nakasulat sa Banal na Qur'an ay nagmula lamang sa isipan ng isang tao gaya ni Mohammad, suma-kaniya nawa ang kapayapaan, kung ating isasaalang-alang ang mababang uring kabihasnang kaniyang pinagmulan, bukod pa sa katotohanang ni hindi siya makabasa ni makasulat. Kung mayroon man nagtuturo sa panahon na iyon, kalimitan, ay para lamang sa mga miyembro ng pamilyang maharlika at matatagpuan lamang yaon sa malalayong lupain.

Ang aking layuning maisalin ang munting aklat ni Dr. Maurice Bucaille sa ating sariling wika, ay upang kahit sa munting paraan, ay makakatulong ako na maituwid ang isipan ng ating mga kababayan laluna sa mga di-Muslim tungkol sa mga maling bintang ng mga taga-Kanluran hinggil sa nilalaman at katayuan ng Banal na Qur'an. Tangi sa riyan, ay upang mabigyang katarungan ng relihiyong Islam

mula sa di-makatuwirang mga pagtuligsa at pagsalangsang ng ibang may-masasamang hangarin sa relihiyong ito, at sa pangwakas, ay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mambabasa na may taimtim na hangaring malaman ang buong katotohanan.

Taos puso kong inaalay kay Allah itong aking maliit na pagsisikap, at kung ito'y Kaniyang mamarapatin ay hinihiling kong bigyan sana Niya ng kapahintulutang mapalathala at gawing isang gabay sa mga mambabasang Pilipino tungo sa paghanap ng KATOTOHANAN.

Muhammad Ameen C. Cave
26 November 1994
Riyadh, Saudi Arabia

## PAMBUNGAD NG MAY-LATHALA

Ang Allah ay nagsabi:

﴿سَنُرِيهِمْ ءَايَٰتِنَا فِى ٱلْءَافَاقِ وَفِىٓ أَنفُسِهِمْ حَتَّىٰ يَتَبَيَّنَ لَهُمْ
أَنَّهُ ٱلْحَقُّ ۗ أَوَلَمْ يَكْفِ بِرَبِّكَ أَنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ﴾

*Aming ipapakita sa kanila ang Aming mga Tanda dito sa sanglibutan at sa kanilang mga sarili, hanggang magiging maliwanag sa kanila na itong (Qur'an) ay katotohanan. Hindi pa ba sapat ang Panginoong (Allah) ang Siyang Saksi sa lahat ng bagay?* (41:53)

Katunayan ang aklat na ito ay siyang pinakamahalagang kabanata sa dakilang sinulat ni Dr. Maurice Bucaille. Ang Qur'an at ang Siyensiya (The Qur'an and the Science). *"Hindi sa pananampalataya sa Islam"* sabi ni Dr. Bucaille, *"ang nagtulak sa aking hakbang, kundi ang simpling paghahanap ko ng katotohanan. Ganito ang aking paningin sa ngayon. Ang katotohanan, nang matapos kong pag-aaralan, ay nagbigay-daan sa akin na makita ang Qur'an ay siyang tunay na naipahayag sa propeta."*

Ang Allah na Makapangyarihan at nagsasabi:

﴿ذَٰلِكَ ٱلْكِتَٰبُ لَا رَيْبَ ۛ فِيهِ ۛ هُدًى لِّلْمُتَّقِينَ﴾

*Ito ang Aklat (ang Qur'an) ang tiyak na patnubay, ang walang pag-aalinlanganan sa mga may-pagkatakot sa Diyos. (2:2)*

Ang katotohanang nakapagbigay-daan kay Dr. Bucaille sa ganitong paniniwala ay sa di-kapani-paniwala na ang isang tao nang kapanahunan ni Muhammad ay maging may-akda sa mga pangungusap (may-kinalaman sa Siyensiya) dahil sa mababang uring kalagayan ng karunungan (ng tao) sa panahon na yaon.

**Ang Qur'an at ang Makabagong Siyensiya** ay bunga ng masusing pagsaliksik sa mga datos may-kinalaman sa Siyensiya na napapaloob sa Qur'an. Ang may-akda, isang dakilang pantas ng Fransiya, ay nagsagawa ng magkatulad na pagsaliksik sa Bibliya na kung saan niya natagpuan ang maraming mga mali at hindi marapat na mga pangungusap may-kinalaman sa siyensiya. Ang kaniyang napagsaliksikan sa Qur'an ay nagpapatunay sa kaniya na may-higit pang maraming mga datos na may-kinalaman sa siyensiya ang napapaloob sa Qur'an kaysa kaniyang naisip, mga datos na wastong umaayon sa siyensiya na may-higit na maunlad sa karunungan kaysa panahon na naipahayag ang Qur'an na umaalinsunod sa mga natuklasan ng makabagong siyensiya at naghatid sa may-akda sa paniniwala na ang Qur'an ay kailanman hindi maaaring gawa ng tao.

Sa layunin ng kaniyang pag-aaral, ay tinipon ni Dr. Bucaille at pinagbuklod-buklod ang mga taludtod sa Qur'an, mga datos na may-kinalaman sa siyensiya sa ilalim ng malawakang mga pamagat gaya ng Paglalang, Astronomiya, ang Mundo, atb.

Ang aklat na ito ay napapalooban ng mahahalagang mensahe, tangi sa lahat, para sa kasalukuyang mga Siyentipiko at makabagong tao sa pangkalahatan, subalit ay dapat na isa-isip, gaya sa babala ng may-akda, na ang Qur'an ay walang paghahangad na maging aklat ng siyensiya bagkus isang aklat ng relihiyon na may-pinakamataas na uri. Ang aklat ay nagbibigay sa mambabasa

ng katibayan na ang Qur'an ay siyang pinakahuling kapahayagan ng Allah. Subalit ito ang kabuuan. Kung ang ating mga mambabasa ay magnais mag-aral ng masusi sa paksa, ay aming ipinapayo na basahing lahat Ang buong aklat ni Dr. Maurice Bucaille, "The Bible, The Qur'an and Science."

Ang World Assembly of Muslim Youth (WANY) ay nagagalak gawin ang aklat na ito na magagamit ng mga may-pagnanais sa paksang Qur'an at Siyensiya. Ang aklat ay nagpapahiwatig ng tunay na pagkakasundo sa pagitan ng siyensiya at ang relihiyong Islam na salungat sa pag-aakala ng maraming tao na ang dalawang paksang ito ay hindi kailanman nagkakaisa. Ang paninindigan ng Islam sa puntong ito ay ang Qur'an ay banal na kapahayagang natanggap ni Prophet Muhammad, suma-kaniya naawa ang kapayapaan, mula sa Allah at ang batas ng kalikasan (siyensiya) ay kapwa likas na kapahayagan mula sa Allah na natuklasan ng mga Siyen tipiko.

Anumang pagsasalungatan sa pagitan ng dalawang pinagmulang kapahayagan ay dahil lamang sa maling pagkahulugan alinman sa dalawa relihiyon o siyensiya higit kaysa di-pagkakaisa sa pagitan ng dalawa.

Kami dito sa WAMY, ay nag-nanais pasalamatan si Dr. Maurice Bucaille sa kaniyang mabuting kaloobang pagbibigay pahintulot sa aming na ilathala ang pinakamahalagang kabanata ng kaniyang dakilang sinulat.

Dr. Maneh H. Al-Johani
Secretary General
World Assembly of Muslim Youth
(WAMY)

## ANG QUR'AN AT ANG MAKABAGONG SIYENSIYA (AGHAM)

NANG IKA-9 NG NOBYEMBRE 1976, ang di-pangkaraniwang panayam ay naganap sa French Academy of Medicine. Ang naging pamagat ay "Pisyolohikal at Similya" (mga datos hinggil sa maaaring mga gawain/mangyari at mga sangkap [bahagi] sa paglaki ng similya) nasasaad sa Qur'an. Iniharap ko ang aking napagaralan na napapaloob sa Qur'an hinggil sa mga pahayag nito nauukol sa pisyolohiya at pagaanak. Ang naging hangaring kong maisagawa ito, ay dahilan ng ating kaalaman tungkol sa ganitong mga karunungan, ay di-sapat (di-kaya) na makapagpaliwanag kung paano nakapaglaman ang teksto sa panahon ng Qur'an ng mga kuru-kuro (pahayag) na ngayon lamang natuklasan nitong mga makabagong panahon.

Tunay nga na walang gawa ng tao na lumabas bago pa dumating ang makabagong panahon na naglalaman ng mga pahayag na may katimbang ng pagsulong ng karunungan sa panahong sila'y lumabas na maaari maihambing sa Qur'an.

Dagdag pa rito, ang pagaaral sa pamamagitan ng paghahabing-hambing sa mga datos ng may-magkatulad na uri na napapaloob sa Bibliya (Lumang Tipan at Ebanghelyo) ay tila kanais-nais. Ganito nabuo ang panukala na magharap sa pagitan ng makabagong karunungan at ilang mga sipi sa Banal na mga Kasulatan sa bawa't monotismo (pananampalatayang may pananalig sa Nag-iisang Diyos) na relihiyon. Ito'y nagbunga sa paglathala ng aklat na may pamagat, *Ang Bibliya, ang Qur'an at Siyensiya (Agham)*. Ang unang aklat ay nasa wikang Francis na lumabas noong Mayo 1976. (Seglers, Paris). Ang aklat sa wikang Ingles* at ang mga edisyon ng Arabiko ay nailathala na.

Dumating na di-kataka-taka na malaman ang Relihiyon at Siyensiya ay palagiang ipinalalagay sila na magkapatid na dalawang mga babaing kambal ayon sa Islam, at sa ngayon, kung saan ang siyensiya nagkaroon ng malawakang mga pagsulong, sila ay nananatiling magkaugnay, at bukod sa roon, ilan sa mga datos siyentipiko ay ginamit tungo sa higit na ikakaunawa sa teksto ng Qur'an. Tangi sa roon, sa loob ng dantaon kung saan, sa marami, sa mga siyentipikong katotohanan, ay nakagawa ng kasiraan sa

---

* Inilathala ng American Trust Publication, 7216 S. Madison Ave., Indianapolis, Ind. 46227, USA.

relihiyusong pananalig, ay tiyak na sa maraming natuklasan ng siyensiya na may-makatotohanang pagsusuri ng Islamikong kapahayagan ay nakapagbigay-liwanag ito sa kahima-himalang kalagayan ng ilang mga bahagi ng Kapahayagan.

Pagkatapos nang nasabi at nagawa ng lahat, sa malawakang kasabihan, wari'y ang karunungan sa siyensiya, anuman ang sasabihin ng mga tao, ay lubhang makakatulong ng pagnilay-nilay tungo sa pagkakaroon ng Diyos.

Kapag magsisimula tayong tanungin ang ating mga sarili sa paraang walang-pagkiling o matuwid na pagpapalagay hinggil sa aral (metapisika) na maaaring makamit mula sa kasalukuyang karunungan, (halimbawa, ang ating kaalaman sa pinakaliit-liitang bagay o sa suliranin ng buhay), tunay nga na matatagpuan natin ang mga dahilan/katuwiran (kasagutan) sa ganitong mga kaisipan. Kapag ating pakakaisipin ang di-karaniwang kaayusan sa pagluwal ng sanggol at ng pagpapanatili ng buhay, malamang ay tiyak na magiging maliwanag na ang pangyayari gaya nito (ng pananaw sa sangkinapal), bungang nagbuhat lamang sa pagkakataon ay unti-unting mababawasan habang ang ating kaalaman at pagsulong ng ganitong karunungan ay lumalawak. Ilan sa mga pananaw ay unti-unti ng lumalabas na di-matatanggap; halimbawa, yaong pinalabas ng isang Fransis na nanalo ng "*Nobel prize*" sa Medisina na naghangad tanggapin ng tao (ang kaniyang pananaw) na ang bagay na may buhay ay nilikha mula sa sarili bilang bunga (kagagawan) ng pangyayaring di-sinasadya sa ilalim ng mga impluensiya nagmumula sa labas gaya ng paggamit ng kimikal (gamot) bilang batayan sa simula. Mula rito ay kanilang pinahayag na ang buhay ng *ooranismo* ay nagkamayroon, na naging daan sa pagkakaroon ng di-pangkaraniwang nilalang - ang tao. Sa ganang akin, tila ang maunlad na kaalaman ng siyensiya na ginawang pang-unawa sa kakatuwa't-sali-salimuot na kalagayan ng mataas na uring nilikha (ang tao) ay nakapagbigay-katuwiran katig sa salungat na pagpapalagay (ng naunang palagay) sa itaas: sa ibang pangungusap, ito ay dahil sa pagkakaroon ng di-pangkaraniwang pamamaraang kaayusan (kapangyarihan ng Diyos) na namamahala sa pambihirang buhay.

Sa maraming panig ng aklat, ang Qur'an ay nakapagbigay-daan ng payak na tadhana sa ganitong malawakang paglilimi. Subali't, ay naglalaman ng walang-hanggan at ganap na mga datos (saligan) na tuwirang may-kinalaman sa mga pangyayari na natuklasan ng makabagong siyensiya (agham): mga bagay na may batubalaning nag-aakit sa kasalukuyang mga siyentipiko.

## KARUNUNGAN SA ENSIKLOPEDYA BILANG KAILANGAN TUNGO SA PANG-UNAWA NG QUR'AN

Sa maraming dantaon, nabigo ang tao sa pagaaral sa kanila (mga taludtod na may-kinalaman sa siyensiya na napapaloob sa Qur'an), dahil sa kawalan ng sapat niyang mga pamamaraang siyentipiko. Ngayon lamang nangyari na ang maraming taludtod sa Qur'an hinggil sa likas na di-pangkaraniwang mga bagay ay nagiging ganap na nauunawaan. Kailangan ko pang lubos ng habaan upang sabihin , sa ika-20 dantaon, ng pagka-ibat-ibang pitak sa pagpapatuloy na paglawak ng karunungan, hindi palagiang madali para sa karaniwang siyentipiko na mauunawaang lahat ng mga bagay na kaniyang mababasa na mga paksa mula sa Qur'an, na hindi muna magpakadalubhasa sa pagsaliksik. Ito'y nangangahulugan na upang mauunawaan ang lahat ng mga taludtod sa Qur'an, sinuman ngayon ay dapat na magkaroon ng lubos na karunungan sa ensiklopedya, ang ibig kong sabihin, yaong may-dunong na sumasakop sa lahat ng napakaraming karunungan.

Ginamit ko ang salitang "siyensiya", ang kahulugan ay yaong karunungang lubos na naitatag (kinilala). Hindi napasama rito ang mga kuro-kuro (teoriya), na sa panahon, ay nakatulong sa pagpapaliwanag ng mga di-pangkaraniwan o hanay ng mga di-pangkaraniwan, upang pagkatapos sila'y iwanan (talikdan) lamang at pumanig sa mga paliwanag ng may-higit na malinaw (na pagpapaliwanag), salamat sa kaunlaran ng siyensiya. Ang hangarin ko lamang ay magpanukala ng paghahambing-hambing sa pagitan ng mga pahayag sa Qur'an at sa kaalaman ng di-inaasahang paksang tatalakayin. Kung saan ako maghaharap ng mga siyentipikong katotohanan na hindi lubos (100%) na naitatag, ay sa makatuwid, aking gagawing ito na maliwanag.

Mayroong din pambihirang mga halimbawa na mga pahayag sa Qur'an, na hindi pa, hanggang sa ngayon, ay napatunayan ng makabagong siyensiya: aking tutukuyin ang mga ito sa pamamagitan ng pagturo na ang lahat ng mga katibayan ay umaakay sa mga siyentipiko na magpalagay sa kanila na may halos katiyakang mangyayari. Ang halimbawa nito sa mga pahayag sa Qur'an ay yaong nagsasabi na ang buhay ay nagmula sa tubig; at ang ibang pahayag ay tungkol sa pagkakaaroon ng ibang mga lupa (planeta) sa loob ng Sansinukob na kagaya ng sa ating (Lupa).

Itong mga siyentipikong mga katotohanan, gayunpaman , ay

di-dapat nating malimutan, na ang Qur'an ay nananatiling aklat ng relihiyon na may pinakamataas na uri at hindi dapat ito asahan na may hangaring likas na pagka-siyentipiko. Kailanman kapag ang tao ay aanyayahang magmuni-muni sa mga gawain ukol sa paglikha at sa hindi mabilang na mga di-pangkaraniwan ay kaniyang mapapansin, ang malinaw na layunin, sa paggamit ng naturang mga halimbawa, ay upang ipagdiinan ang Walang-hanggang Kapangyarihan ni Allah (ng Diyos). Katunayan, sa ganitong mga paglilimi, ating matatagpuan ang pahiwatig sa mga datos na may-kinalaman hinggil ng kaalaman sa siyensiya ay tiyak na mga biyaya ni Allah na sa kanilang kahalagahan ay kinakailangang magliwanag sa panahon ng siyentipikong nababatay sa maka-materyalismong walang paniniwala sa Diyos na naghahangad pumigil (mangibabaw) sa ikapipinsala ng paniniwala kay Allah (sa Diyos).

Sa buong panahon ng aking pagsaliksik ay lagi kong pinagsikapang lubos na makatotohanan (hindi sinasamahan ng anumang personal na damdamin o paniniwala). Ako'y naniniwalang nagtagumpay ako sa paraang pagaaral ng Qur'an na may-katumbas na makatotohanan gaya sa isang doctor, kung saan niya bubuksan, ang tungkol sa isang pasiyente: sa ibang pangungusap, sa pamamagitan ng pagharap (pagsuri) sa lahat ng maaaring pagmumulan o magiging dahilan ng pagkakaroon ng sakit (ng pasiyente), kaniyang makikita (makakamit) ang angkop na pagsisiyasat (rikonosi). Tinatanggap ko na hindi nga sa pananalig sa Islam ang unang nagudyok sa aking mga hakbang, kundi sa payak na paghanap ng katotohanan. Ito ang siya kong pananaw sa ngayon. Ito lamang ang katotohanan, na pagkatapos ang aking pagaaral ay nakapagbigay-daan sa akin upang makita ang Qur'an bilang tunay na kapahayagan sa propeta.

Atin susuriin ang mga pahayag sa Qur'an na lumalabas ngayon bagay na maitala bilang siyentipikong katotohanan, datapuwa't, ang naunang mga tao ay nakayanan lamang unawain ng pahapyaw. Paano nating isipin, kung mayroon ngang sumunod na pagbabago sa teksto, nitong malabong mga sipi na nagkalat sa buong teksto ng Qur'an ay nakapagtago sa pagdoktor ng kamay ng tao? Ang pinakamaliit mang pagbago sa teksto ay tiyak na automatikong nakasira sa pambihirang pagkakaugnay-ugnay (ng mga taludtod) na siyang kanilang katangian at pumigil sa atin na maitatag ng kanilang pagkakaayon sa makabagong kaalaman. Ang pagkakaroon ng ganitong mga pahayag na nakakalat sa boung Qur'an ay makikita ng isang walang-pagkiling na taga-masid bilang malinaw na katibayan sa katotohanan ng Aklat (Qur'an).

Ang Qur'an ay pangangaral na ipinahayag sa tao bilang kapahayagan na umabot sa dalawampung taon. Ito'y sumaklaw sa dalawang magkasinghaba na yugto ng bawat bahagi ng *Hijra*.. Dahil dito, ay likas lamang na mapagkuru-kuru na mayroong maka-siyentipikong kahusayang (kaayusang) katangian na naikalat sa boung aklat. Tungkol sa pagaaral gaya ng aming ginawa, kinailangang sila'y (mga taludtod) mapapag-isa ayon sa kani-kanilang paksa, pupulutin sila alinsunod sa kabanata at sa kabanata.

Paano silang pagbukud-bukurin? Hindi ko natagpuan sa Qur'an ang isang natatangi (particular) na pagbukud-bukod. Kaya't, sila'y aking inihaharap ayon sa aking personal na pamamaraan.

Tila para sa akin, ang unang paksa na dapat talakayin ay tungkol sa Sangkinapal (lahat ng nilikha). Dito ay maaaring magagawang ihambing ang mga taludtod na tumutukoy sa paksa na may-kinalaman sa pangkalahatang pananaw na laganap ngayon kung paanong ginawa ang Sanlibutan. Pagkatapos, aking hinati-hati ang mga taludtod sa ilalim ng malawakang mga pamagat: Astronomiya, ang Mundo, ang mga Hayop at mga Halaman, Tao at Pagaanak bilang natatangi; ang huli ay paksa sa loob ng Qur'an na nabigyan ng mahalagang bahagi. Sa pangkalahatang mga pamagat ay maaaring magdagdag ng pangalawang mga pamagat.

Bukod sa rito, naisip kong nakabubuti na ako'y gumawa ng paghahambing-hambing sa pamagitan ng Qur'an at Bibliya sa kani-kanilang mga salaysay na napapaloob ayon sa pananaw ng makabagong karunungan. Ito ay ginawa hinggil sa mga paksang gaya ng Sangkinapal, ng Baha at ng Pag-aalisan (Exodus).

## ANG PAGLIKHA SA SANSINUKOB (SANTINAKPAN)

*Atin unang susuriin ang Sangkinapal gaya ng inilarawan sa Qur'an.*

Ang lubhang mahalaga sa pangkalahatang pananaw ay lumitaw: ito ng di-pagkakahawig ng salaysay sa Bibliya. Ang pananaw na ito ay kalimitang sumasalungat sa mga magkaparis (magkapareho), at ito'y mali, subali't kumayag sa mga mangangatha (awtor) sa Kanluran na pagbatayan lamang ang pagkakapareho sa pamamagitan ng dalawang mga aklat.

Kung mangusap hinggil sa Sangkinapal, gaya ng ibang mga paksa, mayroong malakas na pagkatig ng Kanluran na ipahayag si Muhammad, suma-kaniya nawa ang kapayapaan, na kinopya lamang

niya ang pangkalahatang balangkas ng Bibliya. Tunay nga na maaaring ihambing ang anim na mga araw ng Sangkinapal gaya ng pagsasalarawan sa Bibliya, idagdag ang isang araw bilang pahingang araw (sabado) ni Allah (Diyos), sa sipi ng **kabanata *Al-A'raf* (7:54):**

إن ربكم الله الذي خلق السموات والأرض
في ستة أيام.

***"Ang inyong tagapagalagang Panginoon ay si Allah, Siya ang lumikha sa mga kalangitan at ang lupa sa loob ng anim na mga araw..."***

Dapat nating banggiting tuwiran na ang makabagong mga komentarista ay binibigyang-diin na ang kahulugan ng salitang *ayyam*, isa sa mga kahulugan ay 'mga araw', na nangangahulugan ng 'mahabang panahon', o 'kapanahunan' sa halip na panahon ng dalawampu't-apat na mga oras lamang.

Ang tila lumalabas para sa akin na pangunahing mahalaga, ay sa pagkakaiba ng salaysay na napapaloob sa Bibliya. Ang Qur'an ay di-naglagay ng pagkakasunod-sunod sa pagkakalikha ng Mundo at ng mga Kalangitan. Ito'y tumutukoy kapwa sa mga Kalangitan bago ang Mundo at ang Mundo bago ang mga Kalangitan, kung mangusap ng pangkalahatang Sangkinapal, gaya ng sipi sa **kabanata *Taha* (20:4):**

تنزيلا ممن خلق الأرض والسموات العلى.

***"Isang kapahayagan nagmula sa Kaniya (Allah), Siya ang lumikha ng mundo at ang mga kalangitan sa itaas."***

Katunayan, ang paniniwala (palagay) na maaaring makamit mula sa Qur'an ay isang kaugnay sa ebolusyon ng makalangit at mga makamundo (o mga nabubuhay sa mundo). Mayroon ding tiyak na pundamental na mga datos hinggil sa pagkakaroon ng simulain ng kabuuan ng gas/usok *(dukhan)* na kakaiba at ang kanilang mga sangkap, bagama't sa una sila'y napag-isa *(ratq),* at pagakaran ay napaghiwalay *(fatq)*. Ang ganitong paniniwala ay naipahayag sa **kabanata *Fussilat* (41:11):**

ثُمَّ ٱسْتَوَىٰٓ إِلَى ٱلسَّمَآءِ وَهِىَ دُخَانٌ.

*"At pagkatapos, hinarap ng Diyos (ni Allah) ang langit nang ito'y (gaya) sa isang usok..."*

Gayon din ang naipahayag sa **kabanata *Al-Anbiya'* (21:30):**

أَوَلَمْ يَرَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَنَّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ كَانَتَا

رَتْقًا فَفَتَقْنَٰهُمَا.

***"Hindi ba nakikita ng mga di-sumasampalataya na ang mga langit at ang lupa ay magkadugtong (bilang iisang bahagi), bago sila'y Aming biniyak na pinapaghiwalay?"***

Ang sistema na pamamaraang paghihiwalay ay nagbunga sa pagkakaroon ng maraming mga mundo, ang pananaw na lumabas ng mga labindalawang mag-ulit sa Qur'an, na nabuo sa unang taludtod ng **kabanata *Al-Fatiha* (1:1):**

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ.

***"Purihin ang Allah, ang Panginoon (ang tagapagtaguyod at tagapagtustos) ng mga Mundo."***

Ang lahat ng mga ito ay ganap na umaayon sa makabagong pananaw sa pagkakaroon ng *nebula* (parang ulap), at ng paraan sa pangalawang paghiwalay ng mga sangkap na dating naunang kakaibang gas/usok. Itong paghiwalay ay nagbunga ng pagkakaroon ng *galaxies* (ibat-ibang mga bituwin sa kalawakan), at pagkatapos nang ang mga ito'y nahati-hati na mga bituwin kung saan nagmula (naluwal) ang mga planeta.

Mayroon ding pagtukoy na nagawa sa Qur'an hinggil ng namagitan sa Sangkinapal sa pagitan ng mga Kalangitan at Mundo, gaya sa **kabanata *Al-Furqan* (25:59):**

اَلَّذِىْ خَلَقَ السَّمٰوٰتِ وَالْاَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِىْ
سِتَّةِ اَيَّامٍ ثُمَّ اسْتَوٰى عَلَى الْعَرْشِ اَلرَّحْمٰنُ
فَسْـَٔلْ بِهٖ خَبِيْرًا.

***"Siya (si Allah - ang Diyos) ang lumikha sa mga kalangitan, ang mundo at ang lahat ng nasa pagitan nila..."***

Tila itong namagitan sa Sangkinapal ay tumutugon sa makabagong tuklas na bagay na mga tulay na naroroon sa kasalukuyan sa labas na naitatag ng sistemang astronomiya.

Itong pagsiyasat ay tiyak na nagpakita sa atin kung paano ang makabagong mga datos at mga pahayag sa Qur'an ay magkaayon ng maraming beses. Tayo'y nagsimula sa malayong salaysayin ng teksto sa Bibliya sa kaniyang sunod-sunod na mga bahaging lubos na di-matatanggap; laluna sa paglagay ng pagkalikha ng Lupa (sa ikatlong araw) bago ng mga Kalangitan (sa ika-apat na araw), samantala'y kilalang isang katotohanan na ang ating planeta (lupa) ay nanggaling sa kaniyang sariling bituwin, ang Araw. Sa ganitong mga pangyayari, paano nating isipin na ang taong kumuha ng inspirasyon sa Bibliya ay maaaring naging maykatha ng Qur'an, at, sa kaniyang sariling pagpunyagi, ay kaniyang itinuwid ang mga teksto sa Bibliya upang umabot sa pangkalahatang pananaw hinggil sa pagkalikha ng Sanlibutan, kung ang pananaw na ito ay hindi nabuo hanggang sa maraming dantaon pagkatapos ng kaniyang kamatayan?

## ASTRONOMIYA - ANG LIWANAG AT PAGGALAW

*Tayo'y dadako ngayon sa paksang Astronomiya.*

Tuwing aking ilarawan ang mga detalye na napapaloob sa Qur'an tungkol sa mga puntos na may-kinalaman sa astronomiya sa mga taga-Kanluran, ay hindi pangkaraniwan sa sinuman na di-tumugon na walang espisyal sa bagay na ito, kung ating isasaalang-alang ang mga Arabiyano ay nakagawa ng mahahalagang mga pagtuklas ng ganitong karunungan mahabang panahon pa bago (nagawa) ng mga taga-Europa.

Katunayan, isang tanging kamaliang paniniwala bunga sa kawalang kamalayan sa kasaysayan. Sa una pa lamang, ang karunungan sa siyensiya ay nanggaling (nagsulong) mula sa mga bansang Arabiyano mahaba-hahang panahon pagkatapos naipahayag ang mensahe ng Qur'an; sa ikalawa, ang karunungan sa siyensiya na laganap sa panahon nang umabot sa tugatog ng kabihasnang Islamiko ay hindi sana nakayanang naisulat ng tao ang mga pahayag tungkol sa mga Kalangitan na maihahalintulad sa mga napapaloob sa Qur'an.

Muli, dito ang paksa ay napakalawak, kung kaya, ako ay makapagbibigay lamang ng balangkas.

Datapuwa't ang Bibliya ay nangusap tungkol sa Araw at sa Buwan bilang dalawang liwanag na may-magkaibang laki, ang Qur'an ay nagbigay ng magkaibang pagsasalarawan sa pagitan nila: ilaw *(nur)* para sa Buwan, apoy *(siraj)* para sa Araw. Ang una'y isang kabuuan na nagbibigay liwanag, ang ikalawa ay isang makalangit na may-kalagayang permanenting nagliliyab, at pinagmumulan ng liwanag at init.

Ang salitang 'bituwin' *(najm)* ay nasasamahan ng salitang nagbibigay kahulugan na sinusunog at inuubos nito ang sarili habang pinupunit nito ang kahabaan ng gabi: ito ang salitang *(thakib)*.

Sa Qur'an, ang *kawkab* ay tiyak na nangangahulugan ng mga planeta, mga bagay na makalangit na nagliliwanag subali't di-nakapagdudulot ng liwanag gaya ng Araw.

Ngayon ay nalalaman na kung paano ang pagkakasalansan na may-kaayusan (may-pakakatimbang) ng mga bituwin sa pamamagitan ng posisyon (kinalalagyan) ng mga bituwin sa isang nakatakdang landas (ligiran) at ang pagbibigayan ng kaniya-kaniyang grabidad (puersang pahigop sa sentro ng isang planeta) na-aangkop ayon sa kani-kanilang katangian (at laki) at sa bilis ng pag-lipad, bawat isa ay gumagalaw ayon sa sariling pagkilos. Subali't, hindi nga ba ito ang pagsasalarawan ng Qur'an, na ngayon lamang nauunawaan sa ating panahon, nang banggitin ang pundasyon ng matinbang (na kaayusan) sa **kabanata Al-Anbiya (21:33):**

وَهُوَ الَّذِي خَلَقَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ

وَالشَّمْسَ وَالْقَمَرَ كُلٌّ فِي فَلَكٍ يَسْبَحُونَ.

***"Siya (Allah) ang lumikha ng gabi, ng araw, ng Buwan at ng Araw. Bawat isa ay gumagalaw (tumatahak) sa sariling landas (ligiran) ayon sa sariling pagkilos."***

Ang Arabik na salita na nagpapahayag ng galaw ay isang pandiwang *sabaha* (*yasbahun* sa teksto); nagdudulodt ito ng pananaw ng pagkilos nagmumula sa isang gumagalaw na bagay, maging ang paggalaw ng sariling binti gaya ng pagtakbo sa lupa, o ang paggalaw ng paglangoy sa tubig. Tungkol naman sa bagay na mga makalangit, sinuman ay mapipilitang magsalin ito sa orihinal na paningin, iyan ay, 'tumahak sa sariling pagkilos'.

Ang pagsasalarawan ng pagkasunod-sunod (pagpapalit-palit) ng araw at gabi, ito'y sa sarili, naging pangkaraniwan kung hindi lamang sa katunayan, na sa Qur'an, ay liniwanag sa paraang sa ngayo'y lubhang makahulugan. Ito ay sa dahilang ginamitan ng pandiwa na *kawwara* sa **kabanata Al-Zumar (39:5)** sa pagsasalarawan ng pamamaraan kung paano ang gabi ay 'pumupulupot' o 'umiikid' ang sarili sa araw, at ang araw sa gabi, katulad sa orihinal na kahulugan ng pandiwa, ang turban ay pumulupot sa ulo. Ito'y may-katiyakang makatuwirang paghahambing-hambing; datapuwa't nang panahong naipahayag ang Qur'an, ang mga datos sa astronomiya na kailangang mailatag ay hindi pa nalalaman.

Ang ebolusyon ng mga Kalangitan at ng pananaw sa palagiang lugar ng Araw ay nailarawan din. Sila'y umaayon sa mataas na uring pagkadetalye ng makabagong kaalaman. Ang Qur'an ay wari'y tumukoy sa pagkapagpalaki ng Sansinukob.

Mayroon din yaong pagsakop sa kalawakan. Ito'y naganap na, salamat sa pambihirang pag-unlad ng teknolohiya na nagbunga (nagwakas) sa paglakbay ng tao sa Buwan. Subali't ito'y tiyak na mapasaisip kung babasahin natin ang **kabanata Al-Rahman (55:33):**

يَا مَعْشَرَ الْجِنِّ وَالْإِنسِ إِنِ اسْتَطَعْتُمْ أَن تَنفُذُوا
مِنْ أَقْطَارِ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ فَانفُذُوا لَا
تَنفُذُونَ إِلَّا بِسُلْطَانٍ.

***"O samahan ng mga Jinn at tao, kung inyong magagawang lumagos sa sona (sakop na lugar) ng mga kalangitan at***

***lupa, magpatuloy kayo! Hindi ninyo kaya silang lagusin maliban sa pamamagitan ng (Aming) Kapangyarihan."***

Ang kapangyarihang ito ay nagmumula sa Makapangyarihan (si Allah), at ang paksa ng buong kabanata (ng Qur'an) ay paganyaya sa pagkilala sa Kahabagan ni Allah sa tao.

## ANG LUPA (ANG MUNDO)

*Ating balikan ang Lupa.*

Ating suriin, halimbawa, itong talata sa **kabanata Al-Zumar (39:21)**

أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ أَنزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَسَلَكَهُ
يَنَابِيعَ فِي الْأَرْضِ ثُمَّ يُخْرِجُ بِهِ زَرْعًا مُّخْتَلِفًا
أَلْوَانُهُ.

***"Hindi ba ninyo nakikita na si Allah ay nagpaparating ng tubig mula sa ulap at Kaniyang iniipon sa mga (bukal) na pinagkukunan mula sa lupa? Pagkatapos sa mga linang ay Kaniyang pinapangyaring mabuhay (ng ibat-ibang halaman) nagbibigay ng ibat-ibang kulay..."***

Sa ganitong mga pananaw ay naging likas na katutubo para sa atin sa ngayon, datapuwa't ay huwag nating kalilimutan na ang ganitong paniniwala ay hindi laganap noong unang panahon. Ito'y umabot hanggang sa ikalabing-anim na dantaon, na kay Bernard Palissy, ay ating nakamit ng unang pagkakaisa sa pagsasalarawan, kung paano ang pangyayaring pagkakaroon ng tubig. Bago nito (paniniwala), ang mga tao'y nagsasabi ng kuro-kuro na ang tubig sa dagat, sa impluensiya ng hangin ay itinataboy nito sa ilalim ng mga continenti (kalupaan). Pagkatapos, nagbabalik sa mga karagatan tungo sa malaking bangin, na mula sa panahon ni Plato, ay tinawag na Tartarus. Noong ika labimpitong dantaon, isang dakilang mapag-isip gaya ni Descartes ay naniwala dito, at kahit pa nang ikalabing-siyam na dantaon, mayroon pa ring pag-uusap tungkol sa teoriya ni Aristotle, na sang-ayon dito, ang tubig ay namumuo sa

mga yungib ng malamig na bundok at tumatahan ito sa mga lawa na nasa ilalim ng lupa na siyang bumubuhay sa mga bukal. Sa ngayon, ay alam na natin ang dahilan ay ang paglagos ng tubig-ulan sa ilalim ng lupa na siyang may-kagagawan nito. Kung sinuman ang maghahambing-habing ng mga katotohanan hango mula sa makabagong karunungan hinggil sa tubig (hydrolohiya) sa pamamagitan ng mga datos matatagpuan niya sa maraming taludtod na napapaloob sa Qur'an tungkol sa paksang ito, siya ay di-makakaligtaang pansinin ang lubhang pambihirang pagkakaayon sa pagitan ng dalawang ito.

Sa geolohiya, ang katotohanang natamo kamakailan lamang ay ang kaalaman tungkol sa kababalaghang pagtiklop (folding) na humubog ng hanay ng mga kabundukan. Gayon din ang tungkol sa ibabaw ng lupa (Earth's crust), gaya ng isang solido (buo) na kabibi ay maaari nating tirahan, habang ang malalalim na mga lugar ay mainit at lusaw, at sa makatuwid di-matitirhan ng anumang uri ng buhay. Nalalaman din na ang katatagan ng mga bundok ay may kaugnayan sa kababalaghan nitong pagtiklop (folding), sapagkat ang pagtiklop ay siyang nagbigay ng mga pundasyon sa katatagang bumubuo sa hanay ng mga kabundukan.

Atin ngayon ihambing ang mga makabagong paniniwala sa isang taludtod mula sa maraming napapaloob sa Qur'an na nauukol sa paksang ito. Ito'y nagmula sa **kabanata Al-Naba (78:6-7):**

أَلَمْ نَجْعَلِ الْأَرْضَ مِهَادًا وَالْجِبَالَ أَوْتَادًا.

***"Hindi ba Namin ginawa ang lupa na malawak at ang mga tulos (haligi) ng mga kabundukan?"***

Ang mga tulos *(Autad)*, na itinirik sa lupa ay gaya ng mga angkla na ginagamit sa tulda, sila ay naging malalalim na mga pundasyon geolohikal (ang siyensiya sa pag-aaral hinggil sa kasaysayan at kung ano ang lupa gaya sa naitala sa mga bato) ng pagtiklop.

Dito, gaya sa mga ibang paksa, ang isang makatotohanang taga-masid ay di-makaligtaang mapapansin ang walang pagka-kasalungatan ng makabagong karunungan.

Subali't higit sa anupaman, naikintal sa akin, una, hinggil sa mga kapahayagan sa Qur'an kaugnay sa mga bagay na may-buhay, kapwa

ang mga hayop at mga halaman, lalung-laluna ang tungkol sa pagaanak.

Minsan pang aking bigyan-diin ang katotohanan, kailan lamang mula nang dumating ang makabagong panahon, ang pagunlad ng siyensiya ay nagawang malinaw ang mga nilalaman ng mga taludtod (ng Qur'an) sa atin. Mayroon ding mga ibang mga taludtod na mas madaling unawain at nagtatago ng kahulugan sa biolohiya na lubhang makabuluhan. Ito'y tungkol sa ***Kabanata Al-Anbiya***, ang ibang bahagi'y tapos ng nabanggit:

وَجَعَلْنَا مِنَ الْمَاءِ كُلَّ شَيْءٍ حَيٍّ أَفَلَا يُؤْمِنُونَ .

***"Hindi ba nakikita ng mga di-sumasampalataya na ang mga langit at ang lupa ay magkadugtong (bilang iisang bahagi), bago sila'y Aming biniyak na pinapaghiwalay? Ginawa Namin mula sa tubig ang lahat na nabubuhay. Hindi nga ba sila maniniwala?" (21:30)***

Ito ay pagpapatotoo sa makabagong karunungan na ang pinagmulan ng buhay ay tubig.

Ang pag-unlad ng karunungan tungkol sa mga halaman (Botaniko) sa panahon ni Muhammad, suma-kaniya nawa ang kapayapaan, ay wala kahit sa alinmang bansa ang may-sapat ng kaunlaran upang magiging pamantayan ng paniniwala hinggil sa halaman sa pagkakaroon ng kapwa lalake at babae na mga bahagi. Subali't ating mababasa ang sumusunod mula sa **kabanata Taha (20:53)**:

الَّذِي جَعَلَ لَكُمُ الْأَرْضَ مَهْدًا وَسَلَكَ لَكُمْ فِيهَا سُبُلًا
وَأَنزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَخْرَجْنَا بِهِ أَزْوَاجًا مِّن
نَّبَاتٍ شَتَّىٰ .

***"Ang (Allah) Siyang nagbigay ng tubig mula sa langit at Aming ibinigay ang ibat-ibang magkaparis ng mga halaman na sa bawat isa ay kaiba sa isa."***

Ngayon, alam na natin ang mga prutas ay nagmumula sa mga halaman na may-tauhing katangian (kahit mula sa hindi pinatabang

mga bulaklak, gaya ng saging). Sa **kabanata Al-Ra'd (13:3)** ay ating mababsa:

وَمِن كُلِّ الثَّمَرَاتِ جَعَلَ فِيهَا زَوْجَيْنِ اثْنَيْنِ يُغْشِي
اللَّيْلَ النَّهَارَ.

***"Sa lahat ng mga prutas si (Allah) ay naglagay (sa lupa) ng magkaparis ng dalawa sa dalawa."***

Sa pagwari-wari hinggil sa pagaanak na may-kinalaman sa mga hayop ay may-kaugnayan sa pagaanak ng tao. Atin ngayon susuriin sa kasalukuyan.

Sa larangan ng pisyolohiya (karunungan sa gawain ng sankap o bahaging katawan ng nilalang na may buhay na gumagalaw, halimbawa puso ng tao at hayop), ay mayroong taludtod (sa Qur'an) na para sa aking palagay, ay lumalabas na labis na makabuluhan: isang libong taon bago pa natuklasan ng sirkulasyon (takbo) ng dugo sa katawan, ay humigit-kumulang na labintatlong dantaon bago nalaman kung ano ang nangyayari sa loob ng bituka upang matiyak ang mga bahagi (ng katawan) ay napakain (maging malusog) sa pamamaraan ng pagsipsip ng pantunaw (sa kinakain), ang taludtod sa Qur'an ay isinalarawan ang pinagkukunan ng sangkap na gatas, na umaayon sa mga paniniwalang ito.

Upang mauunawan ang taludtod na ito, dapat nating malaman na mayroon kimikal na pagbabagong nagaganap sa loob ng bituka, at mula roon, ang mga sustansiya na nagmumula sa kinakain ay dumadaan sa pamamagitan ng daloy ng dugo sa paraang mahirap unawain, kung minsan ay sa pagdaan sa atay sangayon sa kanilang kimikal na kalikasan. Dinadala sila ng dugo sa lahat ng bahagi ng katawan, at isa sa kanila ay ang nagbibigay-gatas na mga glandula.

Kahit na nga hindi tayo susuong sa mga detalye, ating masasabi na ang mahalaga, ay mayroon mga sangkap mula sa nilalaman ng bituka sa mga silid-dingding nito at ang pagdaan ng mga ito sa pamamagitan ng pagdaloy ng dugo.

Ang pananaw na ito ay dapat na ating ganap na maunawan, kung ating uunawain ang taludtod sa Qur'an, **kabanata Al-Nahl (16:66):**

وَإِنَّ لَكُمْ فِي الْأَنْعَامِ لَعِبْرَةً نُّسْقِيكُم مِّمَّا فِي بُطُونِهِ

مِنۢ بَيۡنِ فَرۡثٖ وَدَمٖ لَّبَنًا خَالِصٗا سَآئِغٗا لِّلشَّٰرِبِينَ.

*"Katotohanan, sa mga hayop ay may liksiyon para sa inyo na nagmumula sa kanilang bituka at dugo. Kami ay nagbibigay ng dalisay na gatas para inyong inumin at ito'y nakakawili sa mga umiinom."*

## ANG PAGLIKHA SA TAO

Sa Qur'an ang paksa sa pagaanak ng tao ay nagiging daan sa napakaraming pahayag na bumuo sa paghamon sa may-karunungan ng embriyolohiya (ang karunungang may-kinalaman tungkol sa similya, bilig o binhi) na naghahanap ng paliwanag sa kanila. Nangyari lamang pagkatapos ng lumitaw ang pinagbabatayang-kaalaman sa mga siyensiya na nakatulong sa ating karunungan sa biyolohiya, at lalung-laluna pagkatapos nang matuklasan ang "microscope", nakamit ng tao ang pangunawa sa mga pahayag. Naging imposibli sa isang taong nabuhay sa maagang panahon nang ika-pitong dantaon na nakapagsabi ng ganitong mga kuru-kuru. Walang anumang palatandaang nagpapatunay na ang tao sa gitnang Silangan o sa Arabiya ay may-higit na kaalaman tungkol sa paksa kaysa sa (tao) sa Europa o saan man lugar. Sa ngayon, mayroon napakaraming mga Muslim na may sapat na kaalaman sa Qur'an at ang likas na mga siyensiya ay naging maliwanag nilang kinilala ang paghahambing-hambing na maaaring gawin sa pagitan ng mga taludtod sa Qur'an tungkol sa pagaanak at ang kaalaman ng tao. Lagi kong naalaala ang sinabi ng isang may labing-walong gulang na Muslim na lumaki sa Saudi Arabiya, na sumagot sa katanungang may kinalaman sa pag-aanak na inilarawan sa Qur'an. Sa pagitan ng pagturo nito, ay sinabi niya, 'Subali't ang aklat na ito ay binibigay sa amin ang lahat ng mahahalagang kabatiran sa paksa. Nang ako'y nasa paaralan, lagi nilang (mga guro) ginagamit ang Qur'an bilang pagpapaliwanag sa akin kung paano ang bata ay ipinanganganak; ang inyong aklat hinggil sa pagaaral ng (pagaasawa't-panganganak) ay tila huli na sa senaryo!

Nasa ganitong natatanging punto, ang paghahambing-hambing sa pagitan ng kasalukuyang paniniwala at sa panahon ng Qur'an na noon ay punong-puno ng mga pamahiin at alamat, at ang nilalaman ng Qur'an at ng makabagong kaalaman ay iniwan tayong nangag-

gilalas sa antas ng pagkakasundo sa pagitan ng mga huli at sa walang pahiwatig na kaugnayan ng Qur'an sa maling paniniwalang laganap sa panahon na yaon.

Atin nang ihiwalay, mula sa lahat nitong mga taludtod, ang malinaw na kuru-kuru hinggil sa mahirap unawaing likidong pambataba at ang katotohanang lubhang maliit na sukat nito na kailangan upang matiyak ang pagpatuloy ng pagsulong ng buhay, ang may pinakapurong bahagi' - kapag isasalin ko ang Arabik na salitang '*sulala*'.

Ang pagpunla ng similya sa bahagi ng babae ay ganap na naisalarawan ng ilang taludtod sa salitang "***Alaq***, na siya ring pamagat ng kabanata kung saan ito lumabas:

خَلَقَ الْإِنسَانَ مِنْ عَلَقٍ

***"Ginawa (ni Allah) ang tao mula sa isang nakakapit.na namumung dugo." (96:2)***

Hindi ko maisip na mayroon iba pang makatuwirang salin ng salitang *Alag*' maliban sa paggamit sa kaniyang orihinal na kahulugan.

Ang ebolusyon o pagsulong (pagbuo) ng similya sa loob ng tiyan ng ina ay pahapyaw lamang na naisalarawan, subali't ang pagsasalarawan ay tumpak na tumpak, sapagkat ang payak na salitang tumukoy dito ay angkop-na-angkop na tumutugon sa pundamental na mga yugto sa kaniyang pagsulong (paglaki). Ito ang ating mababasa sa taludtod mula sa **kabanata Al-Mu'minun (23:14):**

ثُمَّ خَلَقْنَا النُّطْفَةَ عَلَقَةً فَخَلَقْنَا الْعَلَقَةَ
مُضْغَةً فَخَلَقْنَا الْمُضْغَةَ عِظَامًا فَكَسَوْنَا الْعِظَامَ
لَحْمًا ثُمَّ أَنشَأْنَاهُ خَلْقًا آخَرَ فَتَبَارَكَ اللَّهُ
أَحْسَنُ الْخَالِقِينَ.

***"At Aming ginawa ang similya na isang namumuong dugo; at mula sa namumuong dugo ay sa isang kimpal na laman; at mula sa kimpal na laman ay ginawa Naming buto at binihisan Namin ang buto ng (di-nagagalaw) na laman."***

Ang salitang 'kimpal na laman' *(mudga)* ay angkop na tumutugon sa anyo ng similya (o bilig) sa isang yugto sa kaniyang paglaki.

Nalaman na ang mga buto ay lumalaki sa loob nitong kimpal na laman at pagkatapos sila'y nababalot ng kalamnan. Ito ang kahulugan ng 'di-nagagalaw na laman' *(lahm).*

Ang similya ay dumadaan sa pagitan ng yugtu kung saan ang ilang bahagi ay kasukat-na-kasukat at ang iba ay wala sa sukat na kung ano sa dakong huli ay maging buong tao. Marahil ito ang kahulugan ng taludtod sa **kabanata Al-Hajj (22:5)** na maaaring mabasa gaya ng sumusunod:

فَإِنَّا خَلَقْنَاكُم مِّن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ مِنْ عَلَقَةٍ
ثُمَّ مِن مُّضْغَةٍ مُّخَلَّقَةٍ.

***"...Aming ginawa (ang tao) mula sa isang namumuong dugo sa isang kimpal na laman na bahagyang nabuo at bahagyang hindi nabuo..."***

Sa susunod ay mayroong tayong isang tumutukoy sa paglabas ng mga karamdaman at mga bahaging na sa loob ng katawan (gaya ng atay, puso, bituka, at atb.) sa **kabanata Al-Sajda (32:9)**

وَجَعَلَ لَكُمُ السَّمْعَ وَالْأَبْصَارَ وَالْأَفْئِدَةَ.

***"Binigyan kayo (ni Allah) ng kakayahang makarinig at makakita at ng pangunawa."***

Wala sa rito ang sumasalungat sa kasalukuyang mga datos, at bukod sa rito, wala sa mga maling kaalaman (nang panahong naipayahag ito) ang nakagapang (napasama) sa loob ng Qur'an.

## ANG QUR'AN AT ANG BIBLIYA

Dumating na tayo sa huling paksa; ang paghaharap ng makabagong karunungan (siyensiya), ang mga sipi sa Qur'an na nabanggit din sa Bibliya.

Nakuha na nating silayan ang suliranin kung paguusapan ang Sangkinapal. Sa unahan ay aking binigyan-diin ang ganap na

Sa pagkakaiba mula sa Bibliya, ang mga salaysay napapaloob sa Qur'an ay nagpapahayag ng isang delubiyo na sumaklaw lamang sa mga tao noon sa kapanahonan ni Noah. Sila'y pinarusahan sa kanilang pagkakasala, gaya ng mga ibang di-sumasampalataya sa Allah. Ang Qur'an ay di-nagtakda ng petsang kaganapan ng delubiyo. Ganap na walang pagtutol ng kasaysayan o ng arkaeolohiya sa pahayag ng Qur'an.

Ang ikatlong paghahambing na lubhang napakahalaga, ay ang kasaysayan ni Moises at ang Paglisan (Exodus) ng mga Hebrew na inalipin ni Pharaon mula sa lupain ng Egipto. Dito ay akin lamang bibigyan ng pinaikling kasaysayan sa pagaaral sa paksang ito na lumabas sa aking aklat. Aking itinala ang mga puntos kung saan nagkaisa at hindi nagkaisa ang mga salaysay sa Bibliya at sa Qur'an, at sa ibang mga detalye, ay natagpuan ko ang dalawang teksto kung saan ang dalawa ay nagkapupunan sa isa't-isa sa paraang kapaki-pakinabang. Ilan sa mga palagay hinggil sa kinalalagyan ng Exodus (Pagaalisan) sa kasaysayan ng mga Pharaon, ay aking ipinalagay na kay Merneptah, ang Pharaon ng (panahon) ng Exodus, na pumalit kay Rameses II. Ang paghaharap ng datos napapaloob sa mga Kasulatan sa arkaeolohiya na katibayan ay nagsasabi na lubhang sumasangayon sa ganitong palagay. Ako ay nasisiyahang magsabi na ang mga salaysay sa Bibliya ay nakapagbigay ng malaking tulong ng mga katibayan tungo sa ating paglagay kay Moises sa kasaysayan ng mga pharaon: Si Moises ay ipinanganak sa panahon ng paghahari ni (Pharaon) na si Rameses II. Ang mga datos sa Bibliya, samakatuwid, ay mayroon malaking halaga sa kasaysayan ni Moises.

Ang tungkol sa pagaaral medikal sa labi "mummy" ni Merneptah ay nakapagbigay dagdag ng mahalagang inpormasyon sa maaaring mga dahilan sa kamatayan ng nabanggit na pharaon.

Dahil sa katotohanang hawak natin ngayon ang labi ni Merneptah, na may katiyakang natuklasan noong 1898, ay isa sa pinakamahalaga sa lahat. Ang talaan ng Bibliya ay nagsasabi na siya'y nalunod sa dagat, subali't hindi nagbigay ng detalye kung ano ang nangyari sa kaniyang labi pagkatapos. Ang Qur'an, sa **kabanata Yunus**, naitala ang labi ng pharaon, na isinumpa, ay naililigtas mula sa tubig:

فَالْيَوْمَ نُنَجِّيكَ بِبَدَنِكَ لِتَكُونَ لِمَنْ خَلْفَكَ آيَةً
وَإِنَّ كَثِيرًا مِنَ النَّاسِ عَنْ آيَاتِنَا لَغَافِلُونَ .

pagkakaayon sa pagitan ng makabagong karunungan at mga taludtod nasa Qur'an, at ipinaliwanag ko na ang salaysay sa Bibliya ay naglalaman ng mga pahayag na di-matatanggap ng siyensiya. Ito'y hindi kataka-taka kung alam natin ang dakilan ng pagkasalaysay ng Sangkinapal na napapaloob sa Bibliya ay gawa lamang ito ng mga pari na nabuhay sa ika-anim na dantaon bago dumating si Kristo, kaya't, mayroon salitang 'Sacerdotal' (nauukol sa mga pari) na pag-sasalaysay.Wari ito'y prinsipal na naisip bilang tema/paksa sa pagpapalaganap (nabuong-paraan) upang payuhan ang mga tao sa pagtupad sa araw na pangilin. Ang salaysay ay binuo ng may-tiyak na hantungan, at, gaya ni Father de Vaux (dating pangulo sa Paaralan ng Bibliya sa Jerusalem) ay kaniyang naitala, na itong hantungan ay totoong may pagka-legal na katangian.

Ang Bibliya ay naglalaman din ng mas maigsi at mas matandang pagsasalaysay sa Sangkinapal, ang tinawag na 'Yahvist' bersiyon, na isinulat ng buong-buo ang mga paksa sa kakaibang angulo.

Kapwa sila'y hinango mula sa Genesis, ang unang aklat ng Pentateuch o Taurah: si Moses ang ipinalagay na maykatha, subali't ang tekstong hawak natin sa ngayon, sa ating kaalaman, ay dumanas ng maraming pagbabago.

Ang Sacerdote na mga pagsasalaysay sa Genesis ay kilala sa kakatuwang tala-angkanan, na bumabalik pa mula kay Adan, na walang sinumang pormal na tumatanggap. Gayunpaman, ang mga sumulat ng mga Ebanghiliyo gaya nila Mateo at Lucas ay kanilang inulit, humigit-kumulang na walang bawas sa kanilang ginawang tala-angkanan (ni Jesus). Si Mateo ay nagpanimula kay Abrahan, at si Lucas ay kay Adan. Ang lahat itong mga kasulatan ay hindi matatanggap ng siyensiya sapagkat nagtakda sila ng gulang ng mundo at ng panahon na lumabas ng tao sa Lupa, na halos tiyak na sumasalungat sa katibayang naitatag sa ngayon na may pagka-segurado. Ang Qur'an, sa kabilang dako, ay ganap na malaya sa ganitong mga datos.

Doon sa unahan, napansin natin kung paano ang Qur'an ay ganap na sumasang-ayon sa pangkalahatang makabagong pananaw sa paggawa sa Sansikob, samantala, ang salaysay sa Bibliya ay lumabas na salungat sa kanila; ang pagsasalarawan sa pangunahing mga tubig ay mahirap na mapaninindigan, o kaya'y ang paglikha sa liwanag sa unang araw, bago pa nalikha ang mga bituwin na nagbibigay liwanag; ang pagkakaroon ng araw at gabi bago pa nalikha ang Lupa; ang paglikha ng Lupa sa ikatlong araw bago pa nilikha ang

Araw sa ika-apat; ang paglabas ng mga hayop sa Lupa sa ika-anim na araw pagkatapos ng paglabas ng mga ibon sa himpapawid sa ika-limang araw; kahit na ang una ay unang lumabas: ang lahat nitong mga pahayag ay bunga ng laganap na paniniwala sa panahon nang naisulat itong teksto (Bibliya) at hindi ito magkakaroon ng ibang kahulugan.

Tungkol sa mga tala-angkanan na napapaloob sa Bibliya, na kumakatawan bilang saligan sa kalendaryo ng mga Hudyo at kanilang iginigiit na sa ngayon ang Sanlibutan ay mayroon ng taon na 5,738; ang mga ito ay mahirap din tanggapin. Ang tungkol sa ating Araw (solar system) ay ipinalalagay na mayroon ng 4 1/2 bilyon taon na, at nang lumabas ang tao dito sa Lupa, sang-ayon sa ating kaalaman sa ngayon, ay tinatayang umabot sa libo-libong mga taon, o kaya'y mahigit pa.

Ito'y ganap na mahalaga, samakatuwid, na maitala na ang Qur'an ay di-naglalaman ng anumang pagpapahiwatig ukol sa petsa, at ang mga ito ay tiyak na nabanggit sa teksto ng Bibliya.

Mayroon ding pangalawa, na lubhang mahalaga, ang paksa sa paghahambing-hambing sa pagitan ng Bibliya at ng Qur'an: ito'y tungkol sa Baha. Sa tunay na pangyayari, ang salaysay sa Bibliya ay pagsasama (pagsasanib) ng dalawang pagsasalarawan kung saan ang mga pangyayari ay nagkaibang pinag-ugnay. Ang Bibliya ay nagsasabi ng Sanlibutang Baha na ipinalagay ito na may humigit kumulang na 300 taon bago si Abraham. Sangayon sa pagkakaalam natin kay Abraham, ito'y nagpapahiwatig ng pansanlibutang "cataclysm" delubiyo na itinataya sa ika-dalawampu't-isa o sa ika-dalawampu't-dalawang dantaon bago pa dumating si Kristo. Ito'y hindi mapaninindigan, dahil sa datos ng kasaysayan.

Paano nating matatanggap ang kuru-kurong ito, nang ika-dalawampu't-isa o ika-dalawampu't-dalawang dantaon bago dumating si Kristo, lahat ng kabihasnan ay nawalis mula sa ibabaw ng Lupa ng pansanlibutang delubiyo, kung nalalaman natin na ang panahong ito ay tumutugma, halimbawa, doon sa sumunod na panahon ng Gitnang Kaharian sa Egipto, at tumutugon humigit-kumulang sa naunang Namamagitang panahon bago ang ika-labing-isang dinastiya (pamilyang naghari)?

Wala sa mga naunang pahayag ang maaaring matanggap ng makabagong kaalaman (siyensiya).

Mula sa ganitong pananaw, ay ating masusukat ang napakalaking panahon na namagitang naghihiwalay ng Bibliya mula sa Qur'an.

***"Sa araw na ito Aming iligtas ang iyong labi (katawan) upang ikaw ay maging Tanda sa mga darating na (mga generasyon) pagkaraan mo..." (10:92)***

Ang pagsusuring medikal nitong labi ("mummy" ni Merneptah), higit pa sa rito, ay napatunayan na ang labi (katawan) ay hindi nga nakaranas ng mahabang panahon sa tubig dahil sa walang palatandaan ng pagkabulog nito na maaari m aging bunga ng mahabang pagkababad sa tubig.

Sa muli, ang paghaharap ng salaysay sa Qur'an sa datos na naibigay ng makabagong kaalaman ay hindi nakapagbigay ng kahit kaunting pagtutol mula sa pagpapalagay ng siyensiya.

Ang Matandang Tipan ay kabuuan ng mga gawang pampanitikan na lumabas sa loob ng humigit-kumulang ng siyam na dantaon at ito'y nakaranas ng maraming pagbabago. Ang bahagi na nagawa ng tao sa aktwal na pagbuo sa mga teksto ng Bibliya ay napakalaki.

Ang Kapahayagan ng Qur'an ay may kasaysayang malaki ang pakakaiba. Mula nang unang naihayag sa tao, ito'y naisapuso at naisulat mismo sa panahon na buhay si Muhammad, mapasa-kaniya nawa ang kapayapaan. Malaki ang pasasalamat sa ganitong pangyayari dahil ang Qur'an ay hindi nagkakaron ng suliranin sa pagiging kapani-paniwala.

Ang buong makatotohanang pagsusuri nito, sa pananaw ng makabagong karunungan, ay maghahatid sa atin sa pagkilala ng pagkakaayon ng dalawa (ang Qur'an at ang Siyensiya o makabagong karunungan) gaya ng pagkatala sa maraming pagkakataon. Nagpapahiwatig sa atin na hindi nga kapani-paniha na ang isang tao sa panahon ni Muhammad ay siyang naging maykatha sa mga pahayag kung pakaisipin ang (mababaw) na karunungan (ng tao) sa kaniyang kapanahunan.Sa ganitong pagsasaalang-alang ay magiging bahagi sa paglalagay ng Kapahayagan ng Qur'an sa kakaibang kalagayan, at pinipilit ang isang walang-pagkiling na siyentipiko upang tanggapin ang kaniyang kakapusang makapagbigay ng kapaliwanagan sa mga bagay na nangagailangan lamang ng makamateryalismong pangangatuwiran.

# ANG LIWANAG NG KAPAHAYAGAN

## *PANIMULA*

### Ano Ang Buhay

Ang pagkakaroon ng tao sa mundo at ang pagkakalikha ng buong santinakpan (sansinukob) ay hindi isang aksidente o kaya'y bunga lamang na nagmula sa likas na pangyayari. Itong santinakpan, bawat kaliit-liitang bagay nito, ay nagpapatunay at nagtuturo sa atin sa pang-unawa ng isang Mapagmahal, Maawain at Makapangyarihang Tagapaglikha. Kung walang Tagapaglikha ay walang anumang mabuhay. Bawat isang kaluluwa ay alam niya na siya'y nabubuhay at ang kaniyang buhay ay nakasalalay sa Tagapaglikha - tunay na nalalaman niyang hindi nga niya nilikha ang kaniyang sarili. Samakatuwid, ay tungkulin niyang malaman kung sino ang kaniyang Panginoong- tagapaglikha - si Allah.

### Sangkatauhan

Ang tao ay kakaibang nilikha. Nilikha ang tao ni Allah bilang Kaniyang kinatawan upang mamahala sa lahat ng mga nilikha rito sa mundo. Siya'y ginawaran ng kakayahang MANGATUWIRAN (magpasiya), na ito'y kaniyang ikinaiiba sa lahat ng mga hayop. Ang Propeta ay nagsabi:

*"Ang Allah ay hindi lumikha ng anupamang higit na mabuti kay sa Mangatuwiran o anupamang higit na ganap o higit na maganda kaysa sa Mangatuwiran..."*

Kasama itong kakayahang (mangatuwiran) ng kakayahang magtangi at umaninaw, ang Tao ay binigyan ng kalayaan (laya sa pagpasiya) na pumili ng pansariling uri ng buhay nababagay sa kaniyang kalagayan bilang Kinatawan ni Allah o kaya'y magbakababa siya kaysa sa pinakababang hayop o nilikha. Ang tao ay ipinanganak na dalisay at walang pagkakasala. Siya ay binigyan ng layang magpasiya na gumawa ng matutuwid na mga gawain o hayaan ang sariling magumon sa mga kasalanan.

## Banal na Patnubay

Si Allah, mula sa Kaniyang masaganang Pagibig at Awa sa sangkatauhan ay hindi tayo iniwan sa kadiliman na tumuklas ng matuwid na daan sa pamamagitan ng paraang pagsubok at pagkamali lamang. Kalakip sa ating kakayahang mangatuwiran, si Allah ay nagbigay sa atin ng BANAL NA PATNUBAY na bumalangkas ng Sukatan sa katotohanan at ng karunugan at ng katotohanan ng ating buhay dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay.

## Mga Kapahayagan

Mula sa pasimula ng sangkatauhan si Allah ay nagsugo ng mga Propeta upang magpahayag ng Kaniyang KAPAHAYAGAN at mag-anyaya sa landas ng TUNAY NA KAPAYAPAAN at PAGSUNOD sa Nag-iisang Tunay na Allah (Diyos). Ito ay ISLAM. Itong mensahe ay naipahayag sa mga sumunod na mga lahi ng tao sa pamamagitan ng mga iba't-ibang mga Propeta na lahat ay nag-aanyaya sa sangkatauhan ng pareho at iisang landas.

Gayunpaman, ang lahat na naunang mga mensahe o mga kapahayagan mula kay Allah ay binaligtad (sinira) ng tao ng sumunod na mga lahi. At ang bunga nito, ang dalisay na Kapahayagan na nagmula kay Allah ay nahaluan ng mga alamat, pamahiin, pagsamba sa diyus-diyusan (anito) at mga pilosopyang may-pananalig na di-makatuwiran. Ang relihiyon ni Allah ay nawala sa gitna ng nagkalat na mga relihiyon.

Ang kasaysayan ng tao ay talaan ng kaniyang tinutungo sa pagitan ng liwanag at dilim, subali't si Allah, mula sa Kaniyang Masaganang Pagibig sa sangkatauhan ay hindi Niya tayo iniwanan.

## Pangwakas na Kapahayagan

Nang ang sangkatauhan ay nasa ilalim ng Madilim na Panahon, si Allah ay naghatid ng pangwakasang Sugo, si Propeta Muahmmad (mapasa-kaniya nawa ang kapayapaan) upang. tubusin ang sangkatauhan. Ang kapahayagan kay Propeta Muhammad (mapasa-kaniya nawa ang kapayapaan) ay kumakatawan ng pangwakas at palagiang pinanggagalingang patnubay sa sangkatauhan.

## Batayan sa Katotohanan

Paano nating malaman kung ang kapahayagan katulad ng Qur'an ay salita nga ni Allah? Ang mga batayan sa katotohanan ay madaling maunawaan ng lahat: -

1. **Makatuwrrang Mga Aral**: Yayamang si Allah ay ginawaran ang tao ng kakayahang mangatuwiran at pag-iisip, ay tungkulin nating gamitin (ang mga ito) sa pagkilala ng kaibhan ng katotohanan mula sa kabulaanan. Ang tunay na di-binaligtad na kapahayagan mula kay Allah ay dapat na makatuwiran at maaaring mapangangatuwiranan ng lahat na may-pagiisip na walang-pakikiling.

2. **Kaganapan**: Yayamang si Allah sa lahat ay ganap, dapat ang Kaniyang kapahayagan ay may-kaganapan at wastung-wasto, malaya sa mga kamalian, sa mga paglalaktaw (di-nakasama), sa mga pagdadagdag at sa pagkakaroon ng napakaraming ibat-ibang ulat (bersiyon). Ito ay dapat na malaya sa salungatan sa pagsasalaysay.

3. **Walang Mga Alamat at Mga Pamahiin**: Ang tunay na kapahayagan mula kay Allah ay malaya sa mga alamat at mga pamahiin na siyang nagpapababa sa kadakilaan (karangalan) ni Allah o ng tao.

4. **Maka-sinsiya / Maka-agham**: Yayamang si Allah ang lumikha sa lahat ng karunungan, ang tunay na kapahayagan ay dapat na maka-siyensiya (sangayon sa siyensiya) at mapaglalabanan nito ang hamon ng siyensiya sa lahat ng panahon.

5. **Hula**: Si Allah ang Maalam sa nakaraan, sa pangkasalukuyan at sa hinaharap. Kaya ang Kaniyang salita na mga hula sa Kaniyang kapahayagan ay matutupad gaya sa hinulaan.

6. **Di-Matutularan ng Tao**: Ang tunay na kapahayagan mula kay Allah ay walang-pagkakamali at di-matutularan ng tao. Ang tunay na kapahayagan ni Allah ay isang Buhay-na-Kababalaghan, isang bukas-na-aklat na humahamon sa lahat ng sangkatauhan na tingnan at patunayan sa kanilang sarili.

**Minamahal kong Mambabasa,**

Walang sapilitan sa tao na tanggapin ang KATOTOHANAN. Subali't ay tiyak na isang kahihiyaan sa katalinuhan ng tao kung siya'y hindi man lamang maghangad na hanapin kung ano ang KATOTOHANAN!

Ang Islam ay nagtuturo na si Allah ay ginawaran ang tao ng kakayahang mangatuwiran at samakatuwid ay inasahan na ang tao'y dapat na makatotohanang mangangatuwiran at may-sistema ng mga bagay para sa kaniyang sarili. Limiin at usisain at limiin (ang lahat ng mga bagay-bagay sangayon sa matuwid na katuwiran).

Walang sinumang pipilit sa iyo ng madaliang pagpapasiya upang tanggapin mo ng alinmang aral sa Islam, sapagkat ang Islam ay nagtuturo na ang tao'y kailangang mabigyan ng kalayaang pumili. Kahit na nga ang tao'y maharap sa KATOTOHANAN, walang sapilitan sa tao upang ito'y yayakapin.

Datapuwa't bago ka magsimulang bumuo ng kuru-kuro tungkol sa Islam, tanungin ang iyong sarili kung ang iyong kasalukuyang kaalaman sa Islam ay lubos. Tanungin ang iyong sarili kung ang iyong kaalaman ay nakamit mula sa di-Muslim, sa pangatlong pinagkuman na ang mga sarili'y marahil nalantad lamang sa pasumala (ala-suerte) ng mga kasulatang Islamko at kinakailangan pa ng makatotohanang pangangatuwiran at may-sistemang paraan tungkol sa Islam para sa kanilang mga sarili.

Makatarungan ba sa sinuman na dapat magbuo ng kuru-kuro hinggil sa lasa ng natatanging pagkain mula sa sabi-sabi ng mga iba na marahil sila mismo ay hindi pa rin nila natikman ang pagkain? Sa pagkakawangis, kailangan mong hanapin para sa iyong sarili ang tungkol sa Islam mula sa mga panagtitiwalaang pinagkukunan, at hindi lamang tikman kundi iyong hahalawing mabuti bago magbuo ng kuru-kuro. Iyan ay nagpapakita ng talino ng paglapit sa Islam.

Nasa sa iyo ang susunod na hakbang.

Sa iyong paggawa ng hakbang, patuloy ang Islam na nagbibigay-katiyakan sa iyong mga karapatan ng layang pumili at kalayaang

gumamit ng ibinigay sa iyo ni Allah ng talino at ng katuwiran ay igagalang. Bawat isa ay may sariling pagpapasiya (kalooban). Walang sinumang maaaring magkait ng kalooban at pilitin kang isuko mo sa kalooban ng Allah. Kailangan hanapin at gawin mo and iyong sariling pagpapasiya.

Sana ang iyong katalinuhang maglakbay tungo sa KATOTOHANAN ay magiging kaaya-aya.

----------------------------

## WORLD ASSEMBLY OF MUSLIM YOUTH (WAMY)

**P.O. Box 10845 Riyadh 11443 Saudi Arabia**

**Founded :** 1392 H (1972 CE)

**Headquarters :** Riyadh – Saudi Arabia

**Nature :** First International Islamic Organization dealing specially with youth affairs embracing over 450 Islamic youth and students organizations in the five continents.


هدية من جمعية تبليغ الإسلام

Conveying Islamic Message Society

P.O. Box 834 – Alex – Egypt

Site: www.islamic-message.net

E-Mail: info_en@islamic-message.net